

**Suplemento sa Protokol para sa COVID-19 Plano ng Pangangasiwa sa Pagkalantad sa mga
K-12 na Paaralan:
Pangangasiwa sa mga Pagsiklab ng COVID-19**

Isang nakatuong pagtugon ng pampublikong kalusugan para pigilan ang mga pagkakatantad sa COVID-19 sa isang antas (level) ng komunidad ay makakatulong na mapalaki ang epekto ng pagtugon sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (DPH).

Ang mga Primarya at Sekondaryong Paaralan na nagsisilbi sa mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Grado 12 (K-12 Schools) ay mga pinagkakatiwalaang kasosyo sa komunidad. Ang mga K-12 Schools na nakakaranas ng mga pagsiklab ng COVID-19 ay makakatulong sa DPH na mapabuti ang pagiging maagap at epekto ng pagtugon ng DPH sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga hakbang sa pagkontrol ng pagsiklab na maaaring tumulong na pigilan ang isang pagsiklab at maiwasan ang karagdagang pagkalat ng COVID-19.

Ang mga aktibidad na pang-edukasyon na iniaalok ng mga K-12 Schools ay dapat na isagawa sa paraang sumusunod sa lahat ng mga probisyon para sa ligtas na pagbubukas ng mga paaralan na idinetalye sa [Mga Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga K-12 na Paaralan](#) ng DPH. Ang [COVID-19 Plano sa Pangangasiwa ng Pagkalantad sa mga K-12 na Paaralan](#) ng DPH ay nagbabalangkas ng karagdagang nirerekomenda at kinakailangang mga hakbang para sa pangangasiwa ng mga pagsiklab sa 1, 2, at 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa mga K-12 Schools. Dagdag pa rito, kung ang isang Paaralan ay nakakaranas ng isang pagsiklab ng COVID-19, dapat nitong ipatupad ang mga hakbang na inilarawan sa ibaba sa Suplementong ito. Kasama sa Suplementong ito ang mga buod na aktibidad (core activities) na nirerekomenda para pigilan ang karagdagang pagkalat ng COVID-19. Maaaring irekomenda o kailanganin ang mga karagdagang hakbang para sa mga lugar na nakakaranas ng mga pagsiklab.

Ang isang pagsiklab ay tinukoy bilang: Hindi bababa sa 3 kaso na kumpirmado ng laboratoryo na may symptomatic o asymptomatic COVID-19 sa tagal na 14 na araw sa isang grupo* na may mga miyembro na epidemyolohikang nauugnay (epidemiologically linked), hindi nakikibahagi sa isang sambahayan, at hindi malapitang nakasalamuha ng isa't isa sa labas ng kampus. *Ang mga grupo sa paaralan ay kinabibilangan ng mga tao na nakikibahagi sa isang karaniwang pagkaka-miyembro sa paaralan (hal. silid-aralan, kaganapan sa paaralan, ekstra-kurikular na aktibidad sa paaralan, akademikong klase, mga koponan ng palakasan (sports teams), mga club, transportasyon). Ang mga epidemiologically links ay nangangailangan na ang mga nahawaang tao ay naroroon sa ilang punto sa parehong setting noong parehong panahon habang ang isa o higit pang mga tao ay nakakahawa.

Ang dokumentong ito ay maaaring i-update habang may nagagamit na bagong impormasyon at mapagkukunan (resources). Mangyaring bisitahin ang COVID website ng DPH, <http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus>, ng regular para tingnan ang mga update at karagdagang resources.

Mga Hakbang sa Pangangasiwa ng Pagsiklab sa mga K-12 Schools

Kung may isang pagsiklab ng COVID-19 sa isang K-12 School, ang isang DPH Outbreak Field

Response Team ay makikipagtulungan sa Paaralan para buuin at ipatupad ang isang plano ng pagtugon sa pagsiklab. Isang Imbestigador ng Pagsiklab ay itatalaga bilang isang tagapag-ugnay (liaison) sa Paaralan at magbibigay ng gabay, teknikal na tulong, at mga resources para suportahan ang Paaralan sa pagpapatupad ng mga sumusunod at anumang iba pang rekomendadong hakbang ng pagtugon sa pagsiklab. Makakatulong ang mga hakbang na ito para pigilan ang pagsiklab at protektahan ang mga mag-aaral, guro, at kawani mula sa COVID-19.

Pagpaplano ng Pagtugon sa Pagsiklab

- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na magtalaga ng isang COVID-19 Compliance Task Force na responsable para sa pagtatatag at pagpapatupad ng lahat ng COVID-19 protokol sa kaligtasan at tiyakin na ang mga kawani at mag-aaral ay tumatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19.
- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na magtalaga ng isang COVID-19 Compliance Officer para magsilbi bilang isang liaison sa DPH hanggang ang Paaralan ay naabisuhan na ang pagsiklab ay natapos na.

Pagkilala sa mga Kaso ng COVID-19 at Malapitang Nakasalamuha

- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na magsumite sa DPH Outbreak Investigator na nakatalaga sa Paaralan ng mga sumusunod na Listahan ng Linya (Line List) sa loob ng 24 na oras at magsumite ng mga update tulad ng naiuutos:
 - Isang Line List ng Kaso na nagbibigay impormasyon sa lahat ng mga indibidwal na kinilala bilang mga kaso ng COVID-19 (tulad ng ipinakahulugan ng DPH) sa (mga) Lugar ng Paaralan.
 - Isang Posibleng Line List ng Nalantad na nagbibigay impormasyon sa lahat ng mga indibidwal na maaaring nalantad (Mga Malapitang Nakasalamuha, tulad ng ipinakahulugan ng DPH) sa mga kaso ng COVID-19 sa (mga) Lugar ng Paaralan.

Kung ang mga Line List ay hindi maisusumite sa loob ng binanggit na palugit, ang Paaralan ay dapat na magsabi agad sa DPH Outbreak Investigator tungkol sa plano ng submisyon. Dapat na isumite ng Paaralan ang impormasyong ito sa pamamagitan ng [COVID-19 Listahan ng Linya ng Kaso at Nakasalamuha para sa Pang-edukasyong Sektor](#). Isang eksepsyon para gumamit ng isang line list na lokal na isinaayos ay maaaring pahintulutan kung ang lahat ng mga kinakailangang elemento ng data ay kasama at aprubado na gamitin ng DPH Outbreak Field Response Team.

Mga Notipikasyon at Eksklusibo

- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na utusan ang mga kaso ng COVID-19 na dapat nilang sundin ang [Utus sa Emerhensyang Pagbubukod](#) at [Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa COVID-19](#) ng DPH.
- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na abisuhan ang lahat ng indibidwal na kinilala bilang mga malapitang nakasalamuha sa isang kaso ng COVID-19 tungkol sa kanilang posibleng pagkakalantad sa COVID-19 sa (mga) Lugar ng Paaralan at utusan silang sundin ang [Utus sa Emerhensyang Pag-quarantine](#) at [Mga Tagubilin sa Pag-quarantine sa Bahay para sa COVID-19](#) ng DPH.

Isang template ng School Exposure Notification letter ay magagamit sa [COVID-19 Template Notification Letter para sa mga Setting Pang-edukasyon](#). Dapat na isama sa abiso ng pagkakalantad ang mga sumusunod na mensahe:

- Ang mga mag-aaral at empleyado na may pagkakalantad sa isang kaso ay dapat na magpasuri para sa COVID-19, maging sila man ay may mga sintomas o wala, at ipagbigay-alam sa Paaralan ang mga resulta ng pagsuri. Ang mga resulta mula sa pagsuri ay tutukuyin ang saklaw ng pagkalat ng sakit sa Paaralan at nagsisilbing isang batayan para sa mga karagdagang hakbang sa pagkontrol. Ang mga resources ng pagsuri ay kinabibilangan ng: Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Empleyado o Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Propesyonal (Employee Health Services or Occupational Health Services), Sentro sa Kalusugan ng Mag-aaral (Student Health Center), Mga Tagapagbigay ng Personal na Pangangalagang Pangkalusugan (Personal Healthcare Providers), at Mga Lugar ng Pagsuri sa Komunidad (Community Testing Sites): covid19.lacounty.gov/testing. Ang mga indibidwal na kailangan ng tulong sa paghahanap ng isang medikal na tagapagbigay (medical provider) ay maaaring tumawag sa LA County Information line 2-1-1, na magagamit 24/7.
- Ang mga nalantad na mag-aaral at empleyado ay dapat na mag-quarantine ng 14 na araw mula sa petsa ng huling pagkakalantad sa kaso habang nakakahawa, kahit na sila ay nakatanggap ng negatibong resulta sa panahon ng kanilang pag-quarantine. Ang isang tao na nasuring negatibo ay maaaring magkaroon ng sakit, may sintomas man o wala, kung sinuri noong panahon ng inkubasyon (ibig sabihin ay ang panahon sa pagitan ng pagkakalantad at pagsimula ng sakit). Tingnan ang [Gabay sa Pag-quarantine sa Bahay para sa COVID-19](#).
- Ang DPH ay kokontakin ng direkta ang mga kaso at mga nalantad na mag-aaral at empleyado sa pamamagitan ng Case and Contact Investigation Program ng DPH para mangolekta ng karagdagang impormasyon at ibigay ang [Utos sa Emerhensyang Pagbubukod](#) o [Utos sa Emerhensyang Pag-quarantine](#) ng DPH kung naaangkop.
- ☑ *Kinakailangan:* Ang paaralan ay tutukuyin kung kailangan ng karagdagang abiso para ipagbigay-alam sa mas malawak na komunidad ng kampus ang tungkol sa pagkakalantad sa paaralan at mga pag-iingat na ginagawa para pigilan ang pagkalat ng COVID-19. Isang pangkalahatang template ng notification letter ay magagamit sa [COVID-19 Template Notification Letters para sa mga Setting Pang-edukasyon](#). Kung ang mga pagkakakilanlan ng mga malapitang nakasalamuha ay hindi alam o kung ang mga malapitang nakasalamuha ay hindi maabot, ang Paaralan ay dapat na makipagtulungan sa DPH para bumuo at maglabas ng isang pampublikong abiso. Ang mga bilang at lokasyon ng pagsiklab ay pampublikong ipapaskil ng walang personal na pagkakakilanlan sa [website ng DPH](#) hanggang malutas ang pagsiklab.
- ☑ *Kinakailangan:* Ang Paaralan ay hindi dapat isama ang mga kaso at mga malapitang nakasalamuha ng mga kaso sa mga nagtatrabaho, tatanggap ng serbisyo, o makikilahok sa anumang mga aktibidad sa (mga) Lugar ng Paaralan hanggang hindi nila natutugunan ang pamantayan para sa pagkawala mula sa [sariling pagbubukod](#) o [sariling pag-quarantine](#) ayon sa pagkakabanggit.
- ☑ *Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na makipagtulungan sa DPH upang bumuo ng isang plano para suportahan ang mabilis na dayagnostikong pagsuri ng mga indibidwal na nalantad sa (mga) Lugar ng Paaralan at magbigay ng mga referral sa mga magagamit na resources para sa pagsuri (hal., kung naaangkop, Kalusugan ng Empleyado/Propesyonal, Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Mag-aaral, tagapagbigay ng personal na pangangalagang pangkalusugan, mga serbsiyong sa komersyal na pagsuri, at/o mga lugar ng pagsuri sa komunidad: covid19.lacounty.gov/testing)
- ☑ *Kinakailangan:* Kung ang Paaralan ay may nalalaman na anumang mga kaso ng COVID-19, mga pagpapaospital, at mga pagkamatay sa hanay ng mga indibidwal na maaaring

nalantad sa (mga) Lugar ng Paaralan, ang Paaralan ay dapat na iulat sila sa DPH Outbreak Investigator na nakatalaga sa Paaralan.

Mga Karagdagang Hakbang sa Pagkontrol ng Pagsiklab

- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na sundin ang gabay sa paglilinis at pagdidisimpekta ng DPH, na kinabibilangan ng pagbibigay ng kagamitan sa masinsinang paglilinis at pagdidisimpekta, mga kapaligiran ng pang-edukasyon/pangtrabaho, at mga madalas na mahawakang ibabaw at bagay pagkatapos ng isang posibleng pagkakalantad sa COVID-19 at pagdaragdag ng nakasanayang paglilinis at pagdidisimpekta gamit ang isang aprubadong panglinis, na nakalista sa [aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency \(EPA\)](#), ayon sa mga tagubilin ng produkto. Kapag walang magagamit na mga pandisimpekta na aprubado ng EPA, maaaring gamitin ang mga alternatibong pandisimpekta (halimbawa, 1/3 na tasa ng bleach na idinagdag sa 1 galon ng tubig, o 70% ng solusyon ng alkohol). Huwag ihalo ng magkasama ang bleach o iba pang mga produkto ng paglilinis at pagdidisimpekta—ito ay nagsasanhi ng nakakalasang usok na maaaring mapanganib kapag masinghot.
- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na bigyan ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pakikisalamuha sa mga mag-aaral, kliyente, sa publiko o iba pang mga empleyado sa (mga) Lugar ng Paaralan, na walang gastusin, ng isang telang pantakip ng mukha na isusuot sa (mga) Lugar maliban kung hindi inirerekomenda dahil sa edad o mga pinagbabatayang kognitibo o medikal na kondisyon. Dapat na magbigay ang Paaralan ng isang medikal na gradong maskara sa sinumang empleyado na nangangalaga sa mga batang may sakit o may malapitang pakikisalamuha sa sinumang bata na may medikal na kondisyon na humadlang sa paggamit ng bata ng isang telang pantakip ng mukha.
- Kinakailangan:* Ang paaralan ay dapat na sundin ang mga rekomendasyon sa pagkontrol ng pinagmulan na inilarawan sa [Gabay para sa mga Pantakip ng Mukha](#) at [Mga Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga K-12 na Paaralan](#). Para matugunan ang asymptomatic at pre-asymptomatic na transmisyon, dapat na atasan ng Paaralan ang lahat ng mga indibidwal na pumapasok at nasa loob ng (mga) Lugar, kabilang ang mga batang 2 taon at mas matatanda pa, na magsuot ng isang telang pantakip ng mukha sa kanilang parehong ilong at bibig sa oras ng pagpasok at kapag nasa mga napagsasaluhang lugar, lakaran, o kung saan maaaring magtipon-tipon ang mga tao, maliban kung hindi inirerekomenda dahil sa edad o mga pinagbabatayang kognitibo o medikal na kondisyon. Ang mga batang edad 2 taon hanggang 8 taon ay dapat na gumamit ng mga pantakip ng mukha na may pangangasiwa ng nakakatanda para tiyakin na ang bata ay nakakahinga ng ligtas at maiwasan ang pagkahirinan (choking) o pagkasakal.
- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na pasimulan ang lahat ng mga kinakailangan sa panlipunang (pisikal) pagdistansya sa kasalukuyang [Protokol sa Panlipunang Pagdistansya](#) at [Mga Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga K-12 na Paaralan](#) ng Los Angeles County. Kasama rito ang pagsunod sa kinakailangan na panlipunang (pisikal) pagdistansya sa mga pagkakataon kung saan ang isang telang pantakip ng mukha ay hindi inaatas (hal., kapag kumakain o umiinom).
- Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na magsagawa ng mga Pag-screen sa Pagpasok, alinsunod sa [Gabay sa Pag-screen sa Pagpasok](#) ng DPH. Ang pag-check ay dapat na kabilangan ng mga katanungan tungkol sa [mga sintomas na tumutukoy sa posibleng COVID-19](#) at kung ang indibidwal ay nagkaroon ng pakikisalamuha sa isang COVID-19 na kaso sa

nakaraang 14 na araw. Isang pag-check sa temperatura ay dapat ring gawin bago pumasok sa Lugar o Site. Ang mga pag-check o pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan o personal sa oras ng pagdating ng indibidwal. Dapat na sundin ng Paaralan ang gabay ng DPH sa [Pagsusuri sa mga Sintomas at Pagkalantad ng Mag-aaral](#) para tukuyin ang mga landas ng desisyon (decision pathways) para sa mga symptomatic na bata at mga nakasalamuha ng isang posibleng nahawaang bata. Ang mga nakatatandang bisita at kawani na may mga sintomas ng COVID-19 o nasuring positibo ay hindi maaaring pumasok sa Site o Lugar. Ang mga mag-aaral na nasuring positibo para sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 ay dapat na mabigyan ng isang surgical mask at samahan sa isang espasyo sa pagbubukod na pauna ng pinili (pre-selected isolation space) kung saan sila ay maaaring manatili habang ginagawa ang mga pagsasaayos para sa kanilang pagpapauwi. Ang mga manggagawa sa Medikal na Serbisyong Pang-emerhensya na tumutugon sa isang madalian na pangangailangang medikal ay hindi saklaw sa pag-screen o pagsusuri.

- ☑ *Kinakailangan:* Ang mga bisita sa (mga) Lugar ng Paaralan ay ipinagbabawal, maliban sa mga kinakailangan (essential) sa misyon ng Paaralan. Ang Mga Tauhan sa Pagpapatupad ng Batas (Sheriff at Pulis), Sunog, Medikal, Emerhensya, mga empleyado ng gobyerno na tumutugon sa, nagtatrabaho sa, nag-iinspeksyon sa pasilidad ay maaaring maakses ang (mga) Lugar o Site. Ang pag-screen o pagsusuri sa pagpasok at mga telang pantakip ng mukha ay inaatas para sa mga mahahalagang (essential) bisita.
- ☑ *Kinakailangan:* Ang Paaralan ay dapat na itigil ang lahat ng mga hindi kinakailangan (non-essential) na personal na aktibidad panggrupo sa (mga) Lugar o Site sa panahon ng pagsiklab.

**Para sa mga karagdagang resources sa COVID-19 para sa mga K-12 Schools,
mangyaring bisitahin ang:**

<http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/reopening-la.htm#k12>.